
Hamon sa Kritikal na Pag-Unawa ng mga Mag-Aaral na ang Unang Wika ay Ingles sa Asignaturang Filipino sa Don Bosco High School, Inc.

Rhodaly K. Guimbatan

Graduate Student, Master of Arts in Filipino,
Ifugao State University, Lamut, Ifugao, Philippines
rhodalynguimbatan8@gmail.com

Abstract — Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang mga hamon sa kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral ng Don Bosco High School, Inc. na Ingles ang unang wika sa asignaturang Filipino, at magbigay ng mga rekomendasyon upang mapabuti ang kanilang kakayahan sa paggamit ng wika. Ginamit ang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik kung saan dalawampu't anim (26) na mag-aaral mula Baitang 7 hanggang Baitang 10 ang naging kalahok, na pinili gamit ang purposive sampling batay sa kanilang limitadong kaalaman sa Filipino. Sa pagsusuri ng datos gamit ang thematic analysis nina Braun at Clarke (2006), natukoy ang limang pangunahing tema: (1) lingguwistikong hamon sa malalim na bokabularyo at tayutay; (2) pagkabalisa sa wika at sikolohikal na hadlang; (3) dominansya ng Ingles at proseso ng paglipat ng wika; (4) limitadong pagkakalantad sa wikang Filipino; at (5) mga estratehiya ng mag-aaral at nais na interbensyon. Ipinakita ng mga resulta na epektibo ang paggamit ng kombinasyon ng wika (translanguaging), biswal na pantulong, malikhaing aktibidad, sistematikong pagtuturo ng bokabularyo at tayutay, at paglikha ng mapanalagang kapaligiran sa silid-aralan. Sa kabuuan, ang pag-aaral ay nagbigay ng mga konkretong rekomendasyon para sa mas inklusibo at epektibong pagtuturo ng Filipino sa mga mag-aaral na Ingles ang unang wika. Inaasahan na ang mga natuklasang ito ay magagamit sa Don Bosco High School, Inc. at iba pang paaralan na may katulad na konteksto upang mapalakas ang pagkatuto, pagpapahalaga sa wikang Filipino, at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

Keywords: *Hamon, kritikal na pag-unawa, thematic analysis at inklusibo*

I. INTRODUKSYON

Ang wika ang nagsisilbing pundasyon at pagkakakilanlan ng ating bansa. Ito ang sentro at daluyan ng ideya, saloobin, at diwa ng mga mamamayan. Ito rin ang nagsisilbing lunsaran upang matuto ang bawat isa. Sa Pilipinas, kinikilala ang Filipino bilang wikang Pambansa at pangunahing tulay sa pagtututo alinsunod sa Saligang Batas 1987. Sa kabila ng kahalagahan ng wikang Filipino, marami pa ring hamon ang pagtuturo sa asignaturang ito lalo na sa mga mag-aaral na ang unang wika ay Ingles. Mas tinatangkilik ng ilan ang pagsasalita at pag-unawa sa Ingles na nagiging dahilan ng mababang partisipasyon, kahirapan sa pag-unawa sa mga aralin at limitadong pag-iisip. Ipinapakita rin ng mga pag-aaral na bagaman may kaalaman ang mga mag-aaral sa mga estratehiya sa pagbabasa, nahihirapan silang ilapat ang mga ito sa aktwal na pagkatuto. Samantala, ang paggamit ng translanguaging ay nakatutulong sa pagpapalalim ng pag-unawa, ngunit nahahadlangan ito ng kakulangan sa pagsasanay ng guro at umiiral na monolingguwal na pananaw.

Marami ring mga salik ang nakakaapekto sa kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral, katulad ng kakulangan sa kagamitang panturo, limitadong suporta ng kapaligiran, kabilang ang mga magulang, komunidad at mga guro. Dahil dito, layunin ng pag-aaral na ito na tukuyin ang mga hamon na kanilang kinakaharap at makapagmungkahi ng mga estratehiya at interbensyon upang mapabuti ang kanilang pag-unawa sa asignaturang Filipino.

Literature Review

Ayon sa isinagawang pag-aaral ni Gatchalian, marami pa rin sa mga mag-aaral ang nanaising gamitin ang wikang Ingles sa pagtuturo ng mga aralin sa loob ng silid-aralan (Gatchalian, 2022). Pinagtibay ito ng pag-aaral nina Recede, Asignado, at Castro (2023) na natuklasan na ang mga mag-aaral na lumaki sa wikang Ingles bilang kanilang unang wika ay nagkakaroon ng malalim na kahirapan sa pagsasalita at pag-unawa sa wikang Filipino sa loob ng paaralan, at ang ganitong sitwasyon ay nagdudulot ng mabagal na pagkatuto at mababang pakikilahok sa klase ng Filipino. Ipinakita rin ng kanilang pananaliksik na ang mga guro ay kailangang gumamit ng iba't ibang istratehiya upang maabot ang mga mag-aaral na ito at mapaunlad ang kanilang pag-unawa sa wikang pambansa. Marami na ring pag-aaral ang naisagawa tungkol sa kung ano nga ba ang mas mabisang gamiting wika sa pagtuturo sa loob ng silid-aralan

upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral. Ipinakita ng pananaliksik ni Bernal (2021) na ang pagkakaroon ng mataas na antas ng pagkabahala sa wikang Filipino ay may malaking ugnayan sa kapaligiran ng pagkatuto sa loob ng silid-aralan. Natuklasan niya na ang mga mag-aaral na nagtataglay ng mataas na antas ng Filipino language anxiety, lalo na yaong ang unang wika ay Ingles, ay nagkakaroon ng mas mababang kakayahan sa pakikilahok sa klase at mas limitadong kakayahan sa kritikal na pag-unawa sa mga tekstong Filipino. Nagbibigay ito ng mahalagang pananaw na ang sikolohikal na kalagayan ng mag-aaral ay kasinghalaga ng kanyang lingguwistikong kakayahan sa pagkatuto ng Filipino.

Sinusuportahan ito ng sistematikong pagsusuri nina Solano at Padilla (2022) na nagpakita na ang mga mag-aaral na gumagamit ng translanguaging — o ang pagpapalit-palit ng dalawang wika sa pagproseso ng impormasyon — ay nagtataglay ng mas mataas na antas ng pag-unawa sa pagbabasa kumpara sa mga mag-aaral na pinipilit na gumamit ng iisang wika lamang sa lahat ng pagkakataon. Ayon sa kanilang pag-aaral, ang translanguaging factors tulad ng suporta ng pamilya, ugnayang guro-mag-aaral, at personal na motibasyon ay may makabuluhang kaugnayan sa antas ng reading comprehension ng mga mag-aaral, na nagpapahiwatig na ang mga ito ay mga salik na dapat isaalang-alang ng mga guro ng Filipino sa pagbuo ng mga estratehiya sa pagtuturo. Kaugnayanito, inilahad nina Macawile at Plata (2022) sa kanilang pananaliksik na isinagawa sa senior high school sa Pilipinas na ang translanguaging ay isang epektibong pedagogikal na kasangkapan na maaaring gamitin ng mga guro ng Filipino upang mapaunlad ang kritikal na pag-iisip at metacognition ng mga mag-aaral. Natuklasan nila na kahit may pag-aalangan ang mga guro sa paggamit ng translanguaging dahil sa monolinguistic na kultura ng maraming paaralan, ang mga guro na bukas dito ay nakakita ng mas aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa talakayan at mas malalim na pag-unawa sa mga aralin. Ang natuklasang ito ay may mataas na kaugnayan sa konteksto ng Don Bosco High School, Inc., kung saan maraming mag-aaral ang English-dominant.

Sa pag-unlad ng bansang Pilipinas, ang ating wika ay patuloy ring yumayabong. Gayundin, kasama na ring umuunlad ang wikang ginagamit ng mga kabataan. Sa panitikan, maraming malalalim na salita ang nagamit ng mga manunulat na sa panahong kasalukuyan ay hindi na nagagamit, kung kaya't kailangan pang ipaliwanag ang ibig sabihin upang maunawaan ng mga mag-aaral. Sa gramatika, marami sa mga terminolohiya ang walang salin sa Filipino, kaya kalimitang binabaybay ang mga ito ayon sa bigkas. Pinagtibay ito ng pag-aaral ni Mirasol (2024)

na nagsuri sa mga kritikal na estratehiya sa pagbabasa ng mga mag-aaral sa junior high school sa Pilipinas. Kahit na natuklasan niya na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng kaalaman sa iba't ibang estratehiya ng kritikal na pagbabasa, ang kanilang aktuwal na pagganap sa mga reading test ay nagpapakita ng kabaligtaran. Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa ilang umiiral na batas at polisiya ng pamahalaan na nagtataguyod sa paggamit at pagtuturo ng wikang Filipino sa iba't ibang antas ng edukasyon. Ayon sa Saligang Batas ng 1987, Artikulo XIV, Seksyon 6–7, itinadhana na ang Filipino ang pambansang wika ng Pilipinas at dapat itong paunlarin at gamitin bilang wikang panturo at opisyal na komunikasyon. Kaugnay nito, nilikha ang Batas Republika Blg. 7104 na nagtatatag sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) upang pangasiwaan ang pagpapaunlad at pagpapalaganap ng wikang pambansa. Sa larangan naman ng edukasyon, nakasaad sa Batas Republika Blg. 10533 o Enhanced Basic Education Act of 2013 ang pagpapatupad ng programang Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE), na nagbibigay-halaga sa wikang ginagamit ng mga mag-aaral upang mapalalim ang pagkatuto.

Sa kabila ng mga batas at patakarang ito, marami pa ring mag-aaral ang walang interes sa asignaturang Filipino, at nahihiya silang magsalita gamit ang wikang Filipino na nagdudulot sa kanila ng mababang marka (Taeza, 2020). Ayon pa sa pananaliksik na isinagawa sa Quezon, lumabas sa pag-aaral na may mababang kakayahan ang mga mag-aaral sa Asignaturang Filipino na kung saan kailangan pang ituro sa mga mag-aaral ang mga makabuluhang aral upang mabigyang-halaga ang wikang Filipino (Bataller et al., 2019). Pinagtibay ito ng pag-aaral nina Cabigao, Magno, at Tarrayo (2024) na isinagawa sa mga guro ng Filipino na nagtuturo sa mga mag-aaral na Ingles ang unang wika sa labas ng Pilipinas. Natuklasan ng pag-aaral na ito na ang mga mag-aaral na Ingles ang dominanteng wika ay nakikita ang Filipino bilang isang wikang banyaga at hindi kinakailangan sa kanilang pang-araw-araw na buhay, na nagdudulot ng napakababang antas ng motibasyon at pakikilahok sa asignatura. Ang mga gurong kalahok sa pag-aaral ay nag-ulat na kailangan nilang gumamit ng mga dalawang-wikang estratehiya, visual aids, at code-switching upang makarating sa mga mag-aaral at mapaunlad ang kanilang pag-unawa. Ang mga natuklasang ito ay may direktang kaugnayan sa sitwasyon sa Don Bosco High School, Inc., kung saan maraming mag-aaral ang may katulad na kalagayan bilang English-dominant na nag-aaral ng Filipino bilang ikalawang wika. Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Idulog, Perez, at Dela Cruz (2023) na nagsuri sa kalagayan ng kakayahang pangbasa ng mga mag-aaral sa Pilipinas. Natuklasan nila na maraming mag-aaral ang nagtataglay ng mahihirap na antas ng reading

comprehension, partikular na pagdating sa kritikal na pag-unawa sa mga tekstong may mataas na antas ng bokabularyo at kultural na nilalaman, tulad ng makikita sa panitikang Filipino. Binibigyang-diin ng kanilang pag-aaral na ang mahinang kakayahan sa pagbabasa ay hindi lamang akademikong problema kundi isang sistematikong usapin na nangangailangan ng malinaw na tugon mula sa mga guro, tagapagplano ng kurikulum, at mga tagagawa ng patakaran.

Sa larangan ng pagtuturo ng wika, nakatuong higit ang pansin sa paglinang ng kakayahang komunikatibo kaysa sa kabatiran tungkol sa wika. Ang kakayahang komunikatibo ay nauukol sa kakayahan sa aktwal na paggamit ng wika sa tiyak na pagkakataon. Sa paglinang ng kakayahang komunikatibo ay kailangan ang kakayahang lingguwistika at dimensyong sosyolohikal. Ang isang indibidwal ay may angking kakayahang komunikatibo kung sa kanyang pakikipagtalastasan ay isinasaalang-alang niya ang kaangkupan ng sasabihin sa sitwasyon at nakapipili siya ng angkop na istrategiya at istilo ng pagpapahayag. Pinatutunayan ng pahayag na ito sa pagtukoy nina Canale at Swain sa apat na uri ng kahusayan na bumubuo ng kahusayan ng paggamit ng wika gaya ng kahusayang panggramatika, kahusayang pansosyolingguwistika, kahusayang pandiskurso, at ang kahusayang pang-estrategiya (Peñeda, 2021).

Isa pa sa mga salik na nakaaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ay ang wika. Sa Netherlands, lumabas na ang paggamit ng wika sa pakikipagtalastasan ay kailangang eksakto batay sa tunay na bokabularyo upang malinaw na maipahiwatig ang mensahe at maiwasan ang kalituhan sa paggamit ng mga salita (Yco, 2023). Sa pag-aaral ni Ypoon (2020), mahalagang malinang ang interaksyon o ang komunikasyon ng mag-aaral, sapagkat ito ang paraan upang maihayag ang kaniyang nararamdaman nang walang pag-aalinlangan dahil mayroon siyang kumpiyansa sa sariling masabi ang nais niyang sabihin sa anumang usapin. Pinatunayan ito ni Zhang (2020), kung saan ang kahusayan sa pagtuturo ay mahalagang impluwensiya sa partisipasyon ng mga estudyante sa loob ng klasrum. Sa pagkatuto sa asignaturang Filipino ay kinakailangan ng kahusayan sa pagtuturo upang malampasan ang mga hamon na kanilang kinakaharap. Pinatunayan ng mga mananaliksik sa Tsina na ang motibasyon at interes ng estudyante sa pagpapahalaga sa asignatura ay nakadepende sa kahusayan sa pagtuturo (Suksel-Sahin, 2020). Maraming pag-aaral sa Pilipinas ang nagpapakita na maraming kinakaharap na hamon ang mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Dagdag pa rito, ipinakita ng pag-aaral nina Bastida et al. (2022) na ang mahinang kakayahan ng mga mag-aaral sa Filipino ay hindi lamang

bunga ng personal na kakulangan kundi pati na rin ng mga institusyonal na hadlang tulad ng kakulangan ng mga angkop na kagamitang pampagtuturo, malaking sukat ng klase, at kawalan ng sapat na suporta mula sa paaralan at pamilya upang palakasin ang paggamit ng Filipino sa labas ng silid-aralan. Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Espinosa at Lintao (2025) na nagsuri sa mga mag-aaral ng Central Philippine Adventist College Elementary School na ang unang wika ay Ingles at nahihirapan sa Filipino. Ayon sa kanilang pag-aaral, halos 50% ng mga mag-aaral ay hindi marunong makipagkomunikasyon sa Filipino nang maayos, at ang mahihirap na kalagayang ito ay direktang nakakaapekto sa kanilang pagganap sa lahat ng asignaturang gumagamit ng Filipino bilang midyum ng instruksyon. Sa karagdagang pananaw, ipinakita ng pag-aaral nina Recede, Asignado, at Castro (2023) na ang pagbibigay ng mga mag-aaral ng pagkakataon na gamitin ang kanilang unang wika bilang tulay upang maunawaan ang Filipino ay nagdudulot ng mas mataas na antas ng pakikilahok at pag-unawa. Ang ganitong pamamaraan ay naaayon sa konsepto ng translanguaging na itinataguyod ng mga guro ng Filipino na nagtatrabaho sa mga kontekstong tulad ng Don Bosco High School, Inc., kung saan ang mga mag-aaral ay kailangang matulungang makita ang halaga at kagandahan ng wikang Filipino sa kabila ng kanilang pagkakakilanlan bilang mga Ingles-dominanteng mag-aaral.

Bagaman may mga pag-aaral hinggil sa bilingguwal na edukasyon at paggamit ng wikang Filipino, nananatiling kulang ang pananaliksik na nakatuon sa mga hamon sa pag-unawa ng mga mag-aaral na ang unang wika ay Ingles, lalo na sa konteksto ng panitikan at pribadong paaralan. Higit pa rito, limitado rin ang mga pag-aaral na nagtutukoy ng angkop na solusyon at konkretong gawain o interbensyon upang mapalalim ang kanilang kritikal na pag-unawa. Samakatuwid, may pangangailangan para sa pananaliksik na tutukoy sa mga hamon at magmumungkahi ng mga angkop na estratehiya at output para sa mas epektibong pagkatuto sa Asignaturang Filipino, na magsisilbing batayan sa paglinang ng mas inklusibo at angkop na pedagogikal na pamamaraan.

Paradima Ng Pag-Aaral

Ang Paradima ng Pag-aaral ay nakabatay sa thematic analysis nina Braun at Clarke (2006) upang organisadong mailahad ang relasyon ng mga salik, proseso, at resulta sa kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral sa Filipino.

Sa yugto ng input, isinasaalang-alang ang mga salik na may direktang impluwensya sa pagkatuto ng wika tulad ng unang wika ng mag-aaral (Ingles o ibang lokal na wika), antas ng exposure sa wikang Filipino, at motibasyon at interes sa pag-aaral. Ang mga salik na ito ay mahalaga dahil ayon sa Input Hypothesis ni Krashen (1985), ang pagkatuto ng wika ay nakasalalay sa dami at kalidad ng *linguistic input* na natatanggap ng mag-aaral.

Sa yugto ng proseso, isinagawa ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng panayam at semi-structured na talatanungan. Ang mga datos ay isinailalim sa coding at thematic analysis upang matukoy ang ugnayan ng karanasan ng mga mag-aaral. Lumitaw dito ang mga temang *interaction patterns at learning strategies*, na nagpapakita kung paano hinaharap ng mga mag-aaral ang kanilang mga kahirapan sa pag-unawa sa Filipino. Ang prosesong ito ay sumusuporta sa pananaw ni Vygotsky (1978) sa *Sociocultural Theory*, na nagsasaad na ang pagkatuto ay nangyayari sa pamamagitan ng interaksyon sa kapwa at sa tulong ng mas may kaalaman, gaya ng guro at kaklase.

Sa yugto ng output, natukoy ang mga kinalabasan ng pag-aaral, kabilang ang mga pangunahing hamon sa kritikal na pag-unawa at ang iminungkahing interbensyon upang mapabuti ang pagkatuto. Ang natukoy na interbensyon ay ang kuwentuhang kooperatibo. Ayon sa mga pag-aaral nina Lescano (2019) at Idulog et al. (2023), ang *mababang reading comprehension* ay direktang kaugnay ng kakulangan sa bokabularyo at limitadong exposure sa wikang Filipino, na nagresulta sa kahirapan sa kritikal na pag-unawa ng teksto.

Layunin ng Pag-aaral

Ang mananaliksik ay naglalayong masolusyonan o mapunan ang kritikal na pag-unawa at makapagdagdag ng mga bagong pananaw sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, sa wika man o panitikan para sa mag-aaral ng Don Bosco High School na hindi lubusang nakauunawa sa mga aralin.

Masasagot ng pananaliksik na ito ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang mga pangunahing hamon sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa

Asignaturang Filipino batay sa kanilang profayl?

-
2. Ano-anong mga solusyon ang maaaring ipanukala upang matugunan ang kakulangan sa kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral sa Asignaturang Filipino?
3. Anong mga gawain/interbasyon ang maimumungkahi upang matugunan ang mga hamon ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino?

II. METODOLOHIYA

Disenyo ng Pananaliksik

Inilahad ng bahaging ito ng pananaliksik ang mga pamaraan na ginamit upang matugunan ang layunin ng pag-aaral hinggil sa hamon sa kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino, partikular yaong ang unang wika ay Ingles. Sa pagnanais na maunawaan nang mas malalim ang kanilang karanasan, pananaw, at mga sitwasyong nakaaapekto sa kanilang pagkatuto, ginamit sa pag-aaral na ito ang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik (*Qualitative Research Design*).

Lugar Ng Pag-Aaral

Ang pananaliksik ay isinagawa sa paaralan ng Don Bosco High School Incorporated na matatagpuan sa Poblacion South, Lagawe Ifugao.

Mga Tagatugon

Ang mga tagatugon ay mula sa Baitang 7 hanggang Baitang 10 na ang unang wika ay Ingles. Ginamit ang *purposive sampling technique* sa pagpili ng mga tagatugon. Isinama sa pag-aaral ang mga mag-aaral na may indikasyon ng limitadong kasanayan sa wikang Filipino batay sa Checklist ng mga Karanasan sa Pagkatuto sa Filipino (Instrument B). Ang mga kalahok ay yaong nakakuha ng tatlo (3) o higit pang indikasyon mula sa sumusunod na pamantayan: (1) may kahirapan sa pag-unawa ng tekstong Filipino, (2) nahihirapang ipahayag ang ideya sa Filipino, (3)

mas komportable sa Ingles sa komunikasyon, (4) limitado ang exposure sa Filipino sa tahanan, at (5) kinilala ng guro bilang nangangailangan ng tulong sa asignaturang Filipino na ‘*struggling learner*’.

Mga Instrumento sa Paglikom ng Datos

Ginamit sa pag-aaral ang *semi-structured interview guide* bilang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos. Nakabatay ang mga naisagawang tanong sa pagtukoy ng mga hamon sa kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral sa Asignaturang Filipino. Ang naisagawang mga katanungan ay sumailalim sa balidasyon ng mga eksperto upang matiyak ang kawastuhan, kaangkupan at balidad ng mga tanong. Pinahintulutan din ang pagdaragdag ng mga tanong para mapalawak at maunawaan ng lubos ang mga sagot ng mga tagatugon.

Paraan Ng Paglikom Ng Datos

Sa paglikom ng datos, ginamit ng mananaliksik ang semi-structured interview guide bilang pangunahing kasangkapan sa pangangalap ng impormasyon. Ang mga tanong ay inihanda ng mananaliksik upang gabayan ang panayam at makakuha ng angkop na datos mula sa mga kalahok. Isinagawa ang distribusyon ng mga talatanungan sa mga natukoy na mag-aaral ng Don Bosco High School, Inc. mula Baitang 7 hanggang Baitang 10 na ang unang wika ay Ingles. Ginamit ang purposive sampling technique, kung saan tanging mga mag-aaral na may limitadong kaalaman sa wikang Filipino ang isinama bilang tagatugon.

Pagsusuri Ng Datos

Ginamit sa pag-aaral na ito ang Thematic Analysis nina Braun at Clarke (2006) upang sistematikong suriin at bigyang-interpretasyon ang mga datos mula sa panayam. Ang pamaraang ito ay angkop sa kwalitatibong disenyo dahil nagbibigay ito ng lohikal at organisadong proseso sa pagbuo ng mga tema batay sa karanasan at pananaw ng mga kalahok.

Isinagawa ang pagsusuri sa pamamagitan ng anim na magkakaugnay na hakbang. Una, isinagawa ang *familiarization* sa datos sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagbasa sa mga transkripsyon upang makuha ang kabuuang konteksto ng mga sagot. Sumunod, nagkaroon ng *initial coding* kung saan tinukoy ang mahahalagang pahayag at pattern na may kaugnayan sa mga hamon sa kritikal na pag-unawa. Mula rito, isinagawa ang paghahanap ng mga tema sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng magkakaugnay na codes upang makabuo ng mas malalawak na kategorya. Ang mga nabuong tema ay muling sinuri sa yugto ng *reviewing themes* upang matiyak ang kaangkupan at sapat na ebidensya ng bawat isa. Pagkatapos, binigyang-depinisyon at pangalan ang mga tema upang malinaw na maipakita ang kahulugan at saklaw ng mga ito. Sa huling yugto, inihanda ang ulat ng resulta gamit ang piling sipi mula sa panayam upang suportahan ang mga nabuong tema.

III. MGA RESULTA AT TALAKAY

Mga Pangunahing Hamon Sa Kritikal Na Pag-unawa Sa Asignaturang Filipino

Ang unang tanong sa pananaliksik ay naglalayong tukuyin ang mga pangunahing hamon sa kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral na ang unang wika ay Ingles sa Asignaturang Filipino. Sa pamamagitan ng Thematic Analysis nina Braun at Clarke (2006), natukoy ang limang (5) pangunahing tema mula sa mga nakalap na datos ng panayam. Ang mga tema ay iniaayon mula sa pinakakritikal na hamon patungo sa hindi gaanong nakakaapekto sa kritikal na pag-unawa, batay sa dalas ng pagbanggit at lalim ng karanasang inilarawan ng mga kalahok.

Lingguwistikong Hamon: Hirap sa Malalim na Bokabularyo at Tayutay

Ang unang tema ay sumasaklaw sa mga lingguwistikong kahirapan na kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagbabasa at pag-unawa ng mga tekstong Filipino. Ito ang pinakamadalas na binanggit na hamon sa buong pananaliksik, na lumabas sa lahat ng dalawampu't anim (26) na panayam. Ang pagkakaroon ng limitadong kakayahang magbigay ng kahulugan mula sa mga malalalim na salita o pahayag ay epekto ng pagkakaroon ng pangalawang wika na Filipino. Dahil dito, nahihirapan ang mga mag-aaral na unawain ang mga salitang mula sa panitikan na nagdudulot

ng mababang pagkatuto sa asignaturang Filipino. Ang temang ito ay sinusuportahan ng pananaw ni Jim Cummins (1979) na *Linguistic Interdependence Theory* na nagsasabing ang kakulangan sa kasanayan sa ikalawang wika ay nakaaapekto sa mas mataas na antas ng pag-unawa.

Pinagtibay ng mga direktang pahayag ng mga tagatugon ang umiiral na lingguwistikong hamon sa pag-unawa sa Filipino, partikular sa bokabularyo, tayutay, at wastong paggamit ng wika. Ayon sa isang tagatugon, *“The most difficult part in understanding the Filipino texts is finding out the meanings of the words and writing Filipino sentences with correct grammar. I often failed to understand the meaning of most Filipino words”* (Tagatugon 5), at *“The most difficult parts of reading and analyzing words are mostly during topics on novels, stories, or literature, like the Florante and Laura. I often fail to understand certain words and their meaning”* (Tagatugon 10 at Tagatugon 20). Ipinapakita nito ang kakulangan sa pundasyong bokabularyo na mahalaga sa pagbuo ng kahulugan at wastong pangungusap. Dagdag pa rito, lumitaw ang kahirapan sa pag-unawa ng panitikang Filipino na gumagamit ng mas malalim at matalinghagang wika. Ang mga natuklasang ito ay naaayon sa pag-aaral ni Lescano (2019) na nagpatunay na ang mga mag-aaral ay may mga problema sa pag-unawa sa kahulugan ng malalalim na salita, wika, at bokabularyo sa asignaturang Filipino, at na ang kakulangang ito ay direktang nakakaapekto sa kakayahan ng mga mag-aaral na pag-aralan at paunawain ang mga tekstong may kultural at pampanitikang nilalaman. Isa ring salik para sa mga mag-aaral ay ang pagsasalita sa wika. Ayon sa isang tagatugon, *“In pronouncing words in Filipino, the thing is maybe I speak too fast or too slow. That is why the meaning varies, and sometimes they laugh because the word I said has another meaning”* (Tagatugon 10, at Tagatugon 24). Ipinapakita nito na ang kahirapan sa pagbigkas at gramatika ay maaaring magdulot ng maling kahulugan at maging sanhi ng hiya, na nakaaapekto sa kumpiyansa sa paggamit ng wika. Pinagtibay ito ng pananaliksik nina Idulog, Perez, at Dela Cruz (2023) na natuklasan na maraming mag-aaral ang nagtataglay ng mahihirap na antas ng reading comprehension, partikular na pagdating sa kritikal na pag-unawa sa mga tekstong may mataas na antas ng bokabularyo at kultural na nilalaman, tulad ng makikita sa panitikang Filipino. Ayon pa sa mga mananaliksik na ito, ang mahinang kakayahan sa pagbabasa ay hindi lamang akademikong problema kundi isang sistematikong usapin na nangangailangan ng malinaw na tugon mula sa mga guro, tagapagplano ng kurikulum, at mga tagagawa ng patakaran.

Pagkabalisa sa Wika at Sikolohikal na Hadlang

Ang ikalawang tema ay tumutukoy sa mga emosyonal at sikolohikal na salik na nakaaapekto sa kakayahan ng mga mag-aaral na lumahok sa mga aktibidad ng klase ng Filipino. Ang temang ito ay lumabas sa halos lahat ng panayam at makikita sa lahat ng antas ng baitang at kasarian. Ang pagkakaroon ng negatibong emosyon katulad ng takot, hiya, at pag-aalinlangan ay mga hadlang sa mabisang pagpapahayag ng mga ideya at opinyon tungkol sa mga paksa. Dahilan nito, napipigilan nito ang kakayahan ng mga mag-aaral na makilahok sa mga gawain at nagiging limitado ang kanilang pag-unlad lalo na sa wika. Ang mga nararanasang damdaming ito ay maaaring ipaliwanag sa pamamagitan ng Affective Filter Hypothesis ni Stephen Krashen (1982). Ayon sa teoryang ito, ang mataas na antas ng anxiety ay nagiging “*filter*” na humahadlang sa epektibong pagpasok ng impormasyon sa pagkatuto. Mula sa pahayag ng mga tagatugon, ang pagkatuto sa Filipino ay hindi lamang panglingguwistiko dahil kaakibat din nito ang sikolohikal na epekto. Ayon sa isang tagatugon, “*I had a terrible experience... I feel nervous because I do not know the meaning and the grammar sentence, that is why I tend to stay quiet*” (Tagatugon 5). Ipinapakita nito na ang kakulangan sa pag-unawa ay nagdudulot ng kaba na humahantong sa pag-iwas sa pakikilahok sa klase. Ang natuklasang ito ay malakas na sinusupportahan ng pananaliksik ni Bernal (2021) na natuklasan na ang mga mag-aaral na nagtataglay ng mataas na antas ng Filipino language anxiety, lalo na yaong ang unang wika ay Ingles, ay nagkakaroon ng mas mababang kakayahan sa pakikilahok sa klase at mas limitadong kakayahan sa kritikal na pag-unawa sa mga tekstong Filipino. Ipinakita niya na ang sikolohikal na kalagayan ng mag-aaral ay kasing halaga ng kanilang lingguwistikong kakayahan sa pagkatuto ng Filipino, at na ang pagkabalisa sa wika ay isang napakahalaga at madalas na napapabayaang aspeto ng pagtuturo ng Filipino sa mga multilingguwal na paaralan.

Pinagtibay pa ito ng iba pang tagatugon na nakararanas ng pisikal at emosyonal na reaksyon sa paggamit ng Filipino. Ayon sa kanila, “*I experience stuttering whenever I try to speak Filipino... I feel overwhelmed, and sometimes, I feel like I am very stupid for not knowing the right term or grammar*” (Tagatugon 13 at Tagatugon 25). Ipinapakita nito na ang mga karanasan nilang pagkakaroon ng unang wikang Ingles ay nagpapababa sa kanilang sarili at humahadlang sa kanilang paglahok sa mga gawain. Kaugnay nito, natuklasan ng pananaliksik nina Recede,

Asignado, at Castro (2023) na ang mga mag-aaral na lumaki sa wikang Ingles bilang kanilang unang wika ay nagkakaroon ng malalim na kahirapan sa pagsasalita at pag-unawa sa wikang Filipino sa loob ng paaralan, at ang ganitong sitwasyon ay nagdudulot ng mabagal na pagkatuto at mababang pakikilahok sa klase ng Filipino. Ang kanilang pananaliksik ay nagpapahiwatig na ang sikolohikal at emosyonal na suporta mula sa mga guro ay isang mahalagang bahagi ng epektibong pagtuturo ng Filipino sa ganitong konteksto.

Dominansya ng Ingles at Proseso ng Paglipat ng Wika

Ang ikatlong tema ay tumutukoy sa malakas na impluwensiya ng Ingles bilang pangunahing wika ng pag-iisip at pagpapahayag ng mga tagatugon, at kung paano ito nagdudulot ng pag-asa sa proseso ng pagsasalin at paglipat ng wika sa pagkatuto ng Filipino. Dahil dito, ang mga mag-aaral ay nanaising gumamit ng Ingles bilang lunsaran ng komunikasyon dahil mas mabilis nila itong nauunawaan at hindi kailangan ng mental na salin. Ang pahayag na ito ay maiuugnay sa konsepto ng *Code-Switching* at *Language Transfer* sa larangan ng sosyolingguwistika nina Weinreich (1953) at Odlin (1989), kung saan ang unang wika ay may malaking impluwensiya sa pagkatuto ng pangalawang wika, na maaaring magdulot ng interference o maling interpretasyon.

Ayon sa ilang tagatugon, “*OO, mas madali sa akin gumawa ng essays sa Ingles kaysa sa Filipino... ang naituro sa akin sa bahay ay Ingles*” (Tagatugon 1 at 10) at “*Dahil English ang unang wika ko, mas mabilis kong naiintindihan ang mga paliwanag kapag English... mas madali para sa akin*” (Tagatugon 15). Ipinapakita ng mga pahayag na ang wikang Ingles ay may malaking impak sa mas malalim na pag-iisip at pagkatuto ng mga mag-aaral. Pinagtibay ito ng pananaliksik nina Bastida, Saysi, at Batuctoc (2022) na natuklasan na ang mga mag-aaral na lumaki sa wikang Ingles ay nagtataglay ng mas mababang antas ng kahusayan sa Filipino, at ang ganitong kalagayan ay nagdudulot ng kalituan sa pagbigkas, tamang paggamit ng salita, at pagbuo ng gramatika, at ang mga guro na hindi sapat ang pagsasanay sa multilingguwal na pedagohiya ay nahihirapan din sa pagtulong sa mga ganitong mag-aaral.

Karagdagan, ang mental na pagsasalin ng mga malalalim na salita ay karaniwang ginagamit na estratehiya ng mga mag-aaral. Ayon sa mga tagatugon, “*It is more natural for me to think in*

English before translating my thoughts into Filipino” (Tagatugon 16 at 21) at *“Since English is the language I usually think in, it is easier for me to process ideas in English than in Filipino”* (Tagatugon 19). Sinasaad nito na ang estratehiya nilang mental na pagsasalin ay nagsisilbing lunsaran para maunawaan ang aralin, ngunit nagdudulot din ng maling mensahe. Ang tugon ay nagpapakita ng halos pangkalahatang pagkukumpirma ng mga tagatugon na mas madali nilang naiintindihan ang mga aralin kapag Ingles ang ginamit na wika ng paliwanag. Ang dominansya ng Ingles sa loob ng silid-aralan ay hindi lamang nakakaapekto sa pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino kundi nagdudulot din ng mas mababang kumpiyansa sa sarili pagdating sa asignaturang ito. Ang temang ito ay direktang nagpapakita ng Interlanguage Theory ni Selinker, kung saan nagkakaroon ng pansamantalang sistema ng wika ang mga nag-aaral ng ikalawang wika na humahantong sa interference mula sa Ingles patungo sa Filipino

Bukod dito, may mga tagatugon na tahasang umamin sa negatibong epekto ng dominansya ng Ingles sa kanilang kakayahan sa Filipino. Ayon sa isang respondente, *“My understanding of Filipino is negatively affected due to English... I have a wide vocabulary in English, opposed to Filipino”*. Ipinapakita nito na nagiging dominante ang Ingles na wika kaysa sa Filipino na nagbubunga sa hindi pantay na pag-unawa sa dalawang wika. Ang tugon ay nagpapakita ng halos pangkalahatang pagkukumpirma ng mga tagatugon na mas madali nilang naiintindihan ang mga aralin kapag Ingles ang ginamit na wika ng paliwanag. Ang proseso ng mental na pagsasalin, o ang pag-iisip muna sa Ingles bago isalin sa Filipino, ay lumabas bilang isang natural na mekanismo ng mga mag-aaral upang maproseso ang mga araling Filipino. Ayon din kina Cabigao, Magno, at Tarrayo (2024), nakita ng mga gurong kalahok sa kanilang pag-aaral na kailangan nilang gumamit ng mga dalawang-wikang estratehiya, visual aids, at paglipat ng wika upang makarating sa mga mag-aaral at mapaunlad ang kanilang pag-unawa, na nagpapakita na ang paggamit ng paglipat ng wika at bilingguwal na estratehiya sa pagtuturo ay hindi isang kakulangan kundi isang kinakailangan sa konteksto ng mga multilingguwal na silid-aralan sa Pilipinas.

Limitadong Pagkakalantad sa Wikang Filipino

Ang ikaapat na tema ay tumutukoy sa kakulangan ng sapat na pagkakalantad sa Filipino sa labas ng silid-aralan. Dahil madalas na ginagamit ng mga tagatugon ang wikang Ingles sa kanilang

tahanan, sa maikling usapan at limitado ang naririnig nilang wikang Filipino, nagiging limitado rin ang kanilang pag-unawa sa wika at hindi napalalalim ang kanilang kaalaman. Ito ay ipinaliwanag gamit ang Input Hypothesis ni Stephen Krashen (1985), na nagsasaad na ang pagkatuto ng wika ay nakasalalay sa sapat at makabuluhang input

Ayon sa isang tagatugon, *“Learning Filipino is quite challenging for me because English is the language we usually use at home... it is difficult for me to explain my ideas in Filipino”* (Tagatugon 19). Isinasaad ng tagatugon na ang paggamit ng Ingles sa kanilang tahanan ay may malaking epekto sapagkat nalilimitahan ang pagsasanay sa pagsasalita sa wikang Filipino at nahihirapang ipahayag ang kanilang ideya. Ito ay sinusupportahan ng pananaliksik nina Recede, Asignado, at Castro (2023) na natuklasan na ang mga mag-aaral na lumaki sa wikang Ingles bilang kanilang unang Binibigyang-diin nila na ang maagang pagtuklas ng mga ganitong hamon at ang agaran at angkop na interbensyon ng mga guro ay susi sa pagtulong sa mga mag-aaral na mapaunlad ang kanilang kakayahan sa wikang Filipino. Dagdag pa rito, lumitaw din ang epekto ng pagkakaroon ng ibang unang wika bukod sa Filipino. Ayon sa mga respondente, *“Mas naiintindihan ko kapag Ingles ang paliwanag... Nahihirapan ako sa Filipino dahil hindi ako magaling magsalita at minsan hindi ko naiintindihan ang malalalim na salita, lalo na't lumaki kami na gamit ang Tuwali na wika.”* (Tagatugon 25 at 26). Ipinapakita nito na ang wikang Filipino ay nagiging pangatlong wika na lamang at mas epektibo ito sa paggamit sa ibang wika, partikular sa Ingles at Tuwali. Ang limitadong pagkakalantad sa Filipino sa labas ng silid-aralan ay isang malaking salik na nagpapalakas ng kahirapan ng mga mag-aaral sa loob ng klase. Ang sitwasyon ng mga Tuwali-speaking na tagatugon ay nagsisilbing espesyal na halimbawa ng mas matinding kakulangan sa pagkakalantad. Ito ay nagpapatunay ng pahayag ng pananaliksik nina Bastida, Saysi, at Batuctoc (2022) na ang mga mag-aaral na lumaki sa katutubong wika ay nagtataglay ng mas mababang antas ng kahusayan sa Filipino, at ang ganitong kalagayan ay nagdudulot ng mas matinding kalituan sa loob ng silid-aralan

Maliban dito, may epekto rin sa mga tagatugon ang limitadong exposure sa kanilang kakayahan sa pagbasa at pagsusulat. Ayon sa kanila, *“Sa aking karanasan, medyo nahihirapan ako sa asignaturang Filipino dahil mas sanay akong gumamit ng English sa pagbabasa at pagsusulat. Kahit naiintindihan ko ang ilang bahagi ng aralin, minsan kailangan ko pa itong basahin nang dalawang beses para mas maintindihan.”* (Tagatugon 11 at 15). Ipinapakita rito na

ang mabagal na pagproseso ng impormasyon at kahirapan sa pag-unawa ay dahil sa irregular na paggamit ng Filipino. Pinatutunayan nina Caluscusan et al. (2018) na ang mga mag-aaral ay naging hamon sa asignaturang Filipino dahil mas sanay sila sa wikang Ingles, gusto nilang magbasa ng panitikang Ingles, at nahihirapan silang unawain ang wikang Filipino.

Mga Estratehiya ng Mag-aaral at Nais na Interbensyon

Ang ikalimang tema ay tumutukoy sa mga estratehiya na ginagamit ng mga mag-aaral upang harapin ang kanilang mga hamon, at sa mga interbensyon na nais nilang makita sa loob ng klase ng Filipino. Ang temang ito ay nagtatanghal ng mga konstruktibong mungkahi at aktibong pagsisikap ng mga kalahok. Ang mga iminungkahing interbensyon ay nagpapakita na mas magiging epektibo ang pagkatuto kung ito ay nakaangkla sa kanilang kasalukuyang antas at pangangailangan sa pang-araw-araw at may natutunan sila mula sa kanilang sarili. Ito ay sinusuportahan ng teorya ni Barry Zimmerman (2002) kung saan, ang mga mag-aaral ay aktibong nakikilahok kung ito ay sariling gawa at sila'y natututo.

Ayon sa ilang tagatugon, *“Madalas kong tanungin ang aking mga kaklase tungkol sa mga translation”* (Tagatugon 1 at Tagatugon 19) at *“Trying to learn by myself... maybe the use of a translator via Google”* (Tagatugon 25). Ipinapakita rito na ang pakikipag-ugnayan sa mga kaklase ay isang malaking tulong upang punan ang kahirapan sa wika. Ang mungkahi para sa paggamit ng translanguaging o bilingguwal na paliwanag ay sinusuportahan ng pananaliksik nina Macawile at Plata (2022) na natuklasan na ang translanguaging ay isang epektibong pedagogikal na kasangkapan na maaaring gamitin ng mga guro ng Filipino upang mapaunlad ang kritikal na pag-iisip at metacognition ng mga mag-aaral, at na ang mga guro na bukas sa translanguaging ay nakakita ng mas aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa talakayan at mas malalim na pag-unawa sa mga aralin. Gayunpaman, malinaw din sa mga pahayag ang pangangailangan ng mas sistematikong interbensyon mula sa guro. Ayon sa isang respondente, *“Mga gawain sana tulad ng role playing, paggawa ng poster at mga tula kahit mag-umpisa sa mga basic Filipino words”* (Tagatugon 1). Ang mungkahi ng mga mag-aaral para sa interactive na gawain tulad ng role-playing, group discussion, at panonood ng mga pelikula at teleserye sa Filipino ay sumasalamin sa pangangailangan para sa mas malikhaing at nakasentro sa mag-aaral na pamamaraan ng

pagtuturo. Ito ay naaayon sa pananaliksik nina Largo at Gaihe (2021) na natuklasan na ang mga guro ng Filipino na gumagamit ng malikhaing at nakasentro sa mag-aaral na mga pamamaraan ay mas nakatutulong sa mga estudyanteng dominante sa Ingles na mapaunlad ang kanilang kakayahan sa Filipino kumpara sa mga guro na gumagamit ng tradisyonal na pamamaraan ng pagtuturo. Ang mga estratehiya at nais na interbensyon ng mga tagatugon ay nagpapakita ng dalawang magkahiwalay ngunit magkaugnay na pangangailangan: ang pangangailangang matulungan silang paunlarin ang kanilang bokabularyo sa Filipino, at ang pangangailangang magkaroon ng mas ligtas, mas bukas, at mas interactive na kapaligiran sa loob ng silid-aralan upang mabawasan ang kanilang pagkabalisa.

Mga Mabisang Solusyon Na Maaaring Ipanukala

Ang **ikalawang tanong** sa pananaliksik ay naglalayong tukuyin ang mga mabisang solusyon upang matugunan ang kakulangan sa kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral sa Asignaturang Filipino. Batay sa mga pahayag ng mga tagatugon at sinusuportahan ng mga kaugnay na literatura, ang mga sumusunod na solusyon ay inirerekomenda.

Paggamit ng Translanguaging Bilang Pedagogikal na Estratehiya

Isang mahalagang estratehiya ang paggamit ng iba't ibang mga wika upang mapadali ang pag-unawa at magkaroon ng malayang interaksyon. Ayon sa isang tagatugon, *“Though I am hard up in Filipino, my teachers in G7 to G9 have been very accommodating. They let me write in English or Taglish. Even if it can be frustrating, it is not bad when I understand the questions”* (Tagatugon 6). Ipinapakita nito na ang pagiging bukas ng guro sa paggamit ng Ingles at Taglish ay nakatutulong upang mapanatili ang pag-unawa at mabawasan ang pagkabigo sa pagkatuto. Ang datos ay nagmumungkahi na ang pagpayag sa mga mag-aaral na gamitin ang kanilang Ingles bilang tulay tungo sa pag-unawa ng Filipino, sa halip na pilitin silang gumamit ng Filipino nang eksklusibo, ay maaaring makabuluhang mapabuti ang kanilang kritikal na pag-unawa. Ang solusyong ito ay sinusuportahan ng pananaliksik nina Macawile at Plata (2022) na natuklasan na ang translanguaging ay isang epektibong pedagogikal na kasangkapan na maaaring gamitin ng

mga guro ng Filipino upang mapaunlad ang kritikal na pag-iisip at metacognition ng mga mag-aaral, at na ang mga guro na bukas sa translanguaging ay nakakita ng mas aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa talakayan at mas malalim na pag-unawa sa mga aralin.

Paggamit ng Visual Aids, Multimedia, at Interactive na mga Gawain

Ipinapakita ng pahayag ng tagatugon na mahalaga ang paggamit ng mga makabagong estratehiya sa pagtuturo upang mapadali ang pag-unawa sa aralin. Ayon sa isang tagatugon, *“Ang mga estratehiyang makakatulong sa akin sa pag-unawa ng aralin ay gaya ng pagpapahula sa mga kahulugan, paggawa ng interactive na gawain, gaya ng games, makukulay na larawan, mga panood at mga nakatutuwang bagay”* (Tagatugon 12). Ipinapakita nito na mas nagiging epektibo ang pagkatuto kapag ang mga gawain ay may interaktibong elemento at visual na presentasyon. Ang mungkahi ng mga mag-aaral para sa paggamit ng mga video, larawan, role-playing, at group discussion ay nagpapakita ng pangangailangan para sa mas masigla at mas nakakaengganyo na paraan ng pagtuturo ng Filipino. Ang mga interactive na gawain ay hindi lamang nagpapababa ng pagkabalisa ng mga mag-aaral kundi nagbibigay rin ng mas maraming pagkakataon para sa natural na paggamit ng Filipino sa kontekstong may kahulugan. Sinusuportahan ito ng pananaliksik nina Largo at Gaihe (2021) na natuklasan na ang mga guro ng Filipino na gumagamit ng malikhaing at nakasentro sa mag-aaral na mga pamamaraan ay mas nakatutulong sa mga estudyanteng dominante sa Ingles na mapaunlad ang kanilang kakayahan sa Filipino kumpara sa mga guro na gumagamit ng tradisyonal na pamamaraan ng pagtuturo.

Sistematikong Pagtuturo ng Bokabularyo at Tayutay ng Filipino

Ipinapakita ng pahayag ng tagatugon na mahalaga ang sistematikong paraan ng pagtuturo upang mas mapadali ang pag-unawa sa wikang Filipino. Ayon sa isang tagatugon, *“The things that can help me understand Filipino are lessons about the meaning of many Filipino words, making proper grammar, using videos and pictures while explaining, patience of the teachers, and researching also”* (Tagatugon 5). Ang pahayag ay nagpapakita na ang kakulangan sa malalim na bokabularyo at kakayahang bigyang-interpretasyon ang tayutay ay isang pangunahing hadlang sa

kritikal na pag-unawa. Kaya naman, ang sistematikong pagtuturo ng malalim na bokabularyo, kasabihan, idyoma, at iba't ibang anyo ng tayutay ay isang napakahalagang solusyon na kailangang isama sa araw-araw na gawain sa klase ng Filipino. Ito ay naaayon sa pahayag ni Mirasol (2024) na ang pagkakaroon ng kaalaman tungkol sa mga estratehiya ng kritikal na pagbabasa ay hindi sapat kung ang mga mag-aaral ay hindi marunong mag-apply ng mga ito sa tunay na pagbabasa ng mga tekstong Filipino

Programang Interbensyon

Ang ikatlong tanong sa pananaliksik ay naglalayong magbigay ng gawaing pang-interbensyon upang tugunan ang hamon sa kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral. Isang (1) piling gawain ang iminumungkahi upang masolusyonan ang mga hamon ng mga mag-aaral na hindi nakakauunawa sa Filipino at magsisilbing lunsaran ang gawain para sa paglago upang tuwirang matugunan ang mga hamon ng mga mag-aaral sa kritikal na pag-unawa sa asignaturang Filipino. Sa pamamagitan nito, inaasahang mababawasan ang Filipino language anxiety ng mga mag-aaral sa tulong ng suportadong grupo, mapapaunlad ang kanilang kritikal na pag-unawa sa mga tekstong Filipino, at malilinang ang kanilang kakayahan sa verbal na pagpapahayag sa wikang Filipino. Sinusuportahan ang mga ito ng pag-aaral nina Macawile at Plata (2022) at Bernal (2021), na nagpakita ng positibong epekto ng translanguaging at mapanlahong kapaligiran sa pagpapataas ng aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa pagkatuto.

IV. KONKLUSYON

Batay sa kabuuang pagsusuri at interpretasyon ng datos, makikita na ang pagkatuto at pag-unawa ng mga mag-aaral na Ingles ang unang wika sa asignaturang Filipino ay naiimpluwensyahan ng maraming salik. Kabilang dito ang kakulangan sa malalim na bokabularyo at tayutay, pagkabalisa sa wika, dominansya ng Ingles sa pang-araw-araw na komunikasyon, at limitadong pagkakalantad sa Filipino sa labas ng silid-aralan. Ipinakikita ng pag-aaral na bawat mag-aaral ay may natatanging paraan ng pagkatuto at pangangailangan sa pagtuturo. Dahil dito, natukoy ang iba't ibang interbensyon upang masolusyonan ang mga hamon sa kritikal na pag-unawa sa asignaturang Filipino. Lumilitaw sa mga datos na ang paggamit ng translanguaging ay

isa sa mga pinakamabisang estratehiya sa pagkatuto, batay sa mga panayam, biswal na representasyon, gawaing malikhain, at sistematikong pagtuturo ng bokabularyo at tayutay. Bukod dito, ang pagkakaroon ng mapanlahong kapaligirang pampagkatuto, suporta mula sa guro, magulang, at komunidad, at mas mataas na pagkakalantad sa wikang Filipino sa loob at labas ng paaralan ay nakatutulong upang mapabuti ang kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral.

V. REKOMENDASYON

Batay sa mga natuklasan sa Kabanata 3, inirerekomenda ang mga sumusunod na hakbang upang matugunan ang mga hamon ng mga mag-aaral na Ingles ang unang wika sa pag-unawa ng Aassignaturang Filipino. Isang epektibong mungkahi ang paggamit ng Translanguaging sa Filipino at Ingles sa pagtuturo dahil mas malinaw na maipapahayag ng mga mag-aaral ang kanilang ideya at masolusyonan ang pagkabalisa sa wika. Makatutulong sa mas aktibong pagkatuto ng mga mag-aaral ang mga gawain tulad ng talakayan, storytelling at mga dula-dulaan. Bukod dito, upang mapataas ang interes ng mga mag-aaral, malaking impluwensiya ang paggamit ng mga biswal na larawan, interaktibong gawain (*powerpoint games*) at iba pang biswal na pantulong. Ang paglalaan ng regular na mga pagsasanay tulad ng maikling pagsusulit tungkol sa bokabularyo, malalalim na salita at mga tayutay ay makatutulong upang mapalawak ang kakayahan sa pagbasa at pag-unawa ng mga tekstong Filipino. Ang kapaligirang ligtas, mapanalaga at may matibay na suporta ay nakakatulong sa mabilis na pagkatuto ng mga mag-aaral, gayundin ang pakikilahok ng mga magulang sa paggamit ng wikang Filipino sa tahanan.

REFERENCES

- [1.] Bataller, B. O., Roxas, D. M. I., Samodio, M. A., & Velasco, M. A. C. (2019). *Language proficiency level in the Filipino language of Grade 12 senior high school students of Dagatan National High School, SY 2018–2019. Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts*, 3(2F). <https://rb.gy/25h2a>
- [2.] Bastida, M. J. S., Saysi, J. C., & Batuctoc, F. T. (2022). Pedagogical struggles and gaps in language literacy enhancement in Philippine indigenous communities. *International Journal of Curriculum and Instruction*, 15(1), 142–165. <https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1383105.pdf>
- [3.] Bernal, A. I. (2021). The mediating effect of the classroom learning environment on the relationship between Filipino language anxiety and coping strategies. *International Journal of Language and Literary Studies*, 3(2), 215–230. <https://doi.org/10.36892/ijlls.v3i2.554>
- [4.] Cabigao, J. R. (2021). Class observation post-conference framework for teachers. *International Journal of Academic Multidisciplinary Research*, 2, 5.
- [5.] Cabigao, J. C., Magno, C., & Tarrayo, V. N. (2024). Experiences of overseas Filipino language teachers Teaching Filipino subjects to Filipino non-native speakers in the Eastern Region, Kingdom of Saudi Arabia. *International Journal of Research and Innovation in Social Science*, 8(4), 1–15.
- [6.] Caluscusan, A., Dequito, M. G., Gamboa, M. M., Grafe, J., & Ragpa, R. (2018). *Kawalan ng interes ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng akdang Filipino sa Grade 7 ng Amlan National High School sa taong panuruan 2017–2018*. <https://shorturl.at/lryO8>
- [7.] Espinosa, R. B., & Lintao, R. B. (2025). “It’s hard to speak Filipino. Why is that?” A case study on the Filipino language fluency difficulties among English-speaking learners. *South Florida Journal of Development*,
- [8.] Gonzales, R. M. (2019). Language of instruction and student comprehension in Philippine classrooms. *Philippine Journal of Language Education*, 12(1), 25–38.
- [9.] Idulog, M. V. A., Perez, J. M. S., & Dela Cruz, R. B. (2023). Filipino students’ reading abilities: A note on the Challenges and potential areas for improvement. *International Journal of Education and Teaching Zone*, 2(2), 233–242. <https://doi.org/10.57092/ijetz.v2i2.128>
-

-
- [10.] Krashen, S. D. (1982). *Principles and practice in second language acquisition*. Pergamon Press.
- [11.] Largo, R., & Gaihe, M. A. (2021). Filipino language teachers: Skills and challenges encountered in the industry. *International Journal of Multidisciplinary Research and Publications*, 3(12), 1–6.
<https://journals.researchsynergypress.com/index.php/hsc/article/download/2416/1437/1414>
- [12.] Lescano, R. (2019). *View of the students in the Filipino subject of Grade 7 in Lucsuhin National High School SY 2017–2018*. *Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts*, 3(2K). <https://rb.gy/pgtx0>
- [13.] Lim, R. C., Valmoria, M. L., Go, J. A., Go, R. A., & Tabanao, S. S. (2018). *Pananaw ng mga estudyante ng ika-sampung baitang sa asignaturang Filipino: Implikasyon para sa pagpapatupad ng teaching strategies ng mga guro*.
<https://www.scribd.com/document/452018281>
- [14.] Macawile, K. L. G., & Plata, S. M. (2022). Teachers' perspectives on translanguaging as a pedagogical resource in senior high school English classes. *Journal of English and Applied Linguistics*, 1(2).
<https://animorepository.dlsu.edu.ph/cgi/viewcontent.cgi?article=1022&context=jeal>
- [15.] Peñeda, M. (2021). Mga suliranin at lapit sa pagtuturo ng wika at panitikan sa Filipino sa mga piling paaralan sa antas ng tersarya. <https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2021/11/D215112430.pdf>
- [16.] Recede, R. A. A., Asignado, R. A., & Castro, M. A. (2023). Transitional challenges and factors affecting English-speaking learners in learning the Filipino language. *Journal of Namibian Studies*, 33(S1), 1720–1744.
<https://www.researchgate.net/publication/373281991>
- [17.] Santiago, L. D. (2021). Mother tongue versus Filipino and English: A comparative study on language use in education. *Journal of Educational Linguistics*, 9(3), 14–29.
- [18.] Solano, A. M., & Padilla, F. R. (2022). Translanguaging and reading comprehension of Filipino ESL intermediate learners. *Journal of Natural Language and Linguistics*, 1(1), 13–21.
-

-
- [19.] Suksel, S. (2020). *Paggamit ng word wall bilang kagamitan sa pag-aaral sa pagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral.*
- [20.] Taeza, J. (2020). Mga suliraning kinakaharap ng mga Kalinga sa pagsasalita ng wikang Filipino.
- [21.] Yco, (2023). Mga hamon ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa senior high school.
- [22.] Ypon, J. (2020). Lawak ng pagkatuto ng mag-aaral kaugnay sa paggamit ng differentiated instruction. <https://www.studocu.com/ph/document/isabela-state-university/secondary-education-in-english/lawak-ng-pagkatuto>
- [23.] Zhang, Q. (2020). Teaching with enthusiasm: Engaging students, sparking curiosity, and jumpstarting motivation. *Communication Currents*, 9(1).
<http://www.natcom.org/CommCurrentsArticle.aspx?id=4678>